**FILIPINO 1**
Ikalawang Markahan
WRITTEN OUTPUT # 4

Pangalan: ______________________________________________

Pangkat: _____________________________ Marka: __________

**Panuto:** Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

**Ang Inahing Bibi at ang Apat na Sisiw**

Namasyal ang inahing bibi.
Kasama ang limang sisiw.
Nagpunta sa ilog.
Masayang-masaya sila.

_____1. Ano ang pamagat ng kwento?
A. Inahing Bibi
B. Apat na Sisiw
C. Ang Inahing Sisiw
D. Ang Inahing Bibi at ang apat na sisiw/

_____2. Sinu-sino ang namasyal??
A. inahing bibi at ang apat na sisiw
B. apat na sisiw
C. sa dagat
D. sa kanal

_____3. Saan sila nagpunta?
A. sa ilog
B. sa sapa
C. pusa
D. ibon

_____4. Ano ang damdamin ng inahing bibi at apat na sisiw nang sila ay namasyal?
A. malungkot
B. masaya
C. matamlay
D. masigla

**Ang Uhaw na Uwak**

May isang uhaw na uhaw na Uwak na gustong uminom sa isang pitsel na naiwan sa mesa. Makipot lamang ang bunganga ng pitsel kaya hindi maipasok ng Uwak ang ulo upang sipsipin ng tuka ang tubig. Hirap na hirap abutin ng Uwak ang kaunting tubig sa malalim sa sisidlan. Kahit na anong pilit ay hindi mabawasan ang sobrang pagkauhaw ng Uwak.

Tumingala siya at luminga-linga sapaligid. Alam niyang may kasagutan sa alinmang problemang kinakaharap natin. Tama siya! Sa isang iglap ay naisip niya ang tanging kasagutan. Lumipad siya sa labas at tumuka ng isang munting bato na inihulog sa loob ng pitsel. Nagpabalik-balik siya sa paglalagay ng mumunting bato hanggang sa umabot ang tubig sa makitid na bunganga ng pitsel. Nakainom ang Uwak at natugunan ang pagkauhaw niya sa isang iglap lamang.

LIVEWORKSHEETS

______5. Sino ang uhaw na uhaw?

A. uwak
B. kalapati
C. langgam
D. bubuyog

______6. Saan gusting uminom ng tubig ang uwak?

A. baso
B. pitsel
C. tabo
D. balde

______7. Anong uri ng bunganga meron ang pitsel na may lamang tubig?

A. malawak
B. makipot
C. malaki
D. butas lang

**Ang kalabaw ni Mang Islaw**

Ang kalabaw ni Mang Islaw.
Itinali sa puno ng anahaw.
Hindi binisita ng dalawang araw.
Nakalimutan ni Mang Islaw
Ang pagpapakain sa kanyang kalabaw.
Nakita ng kanyang pinsang si Buraw.
Napuno na ang langaw.

______8. Anong hayop ang alaga niya?

A. kalabaw
B. baboy
C. baka
D. kabayo

______9. Saan itinali ang kalabaw?

A. puno ng niyog
B. puno ng mangga
C. puno ng anahaw
D. puno ng narra

______10. Sino ang nakalimot sa pagpapakain ng kanyang kalabaw?

A. Si Mang Bentong
B. Si Mang Islaw
C. Si Mang Rey
D. Si Mang Seryo

LIVEWORKSHEETS